

para sa iba pang impormasyon, bumisita sa aming website:
***https://cda.gov.ph/***

# WE ARE ONE

COOPERATIVE DEVELOPMENT AUTHORITY

PHILIPPINE COCONUT AUTHORITY

COCONUT FARMERS AND INDUSTRY DEVELOPMENT PLAN

CFIDP

## in implementing the COCONUT FARMERS AND INDUSTRY DEVELOPMENT PLAN

*Malakas na Kooperatiba,*
*Nagkakaisang Magsasaka,*
*Malakas na Industriya!*









## Ano ang CFIDP?

Itinakda ng Batas Republika Blg. 11524 o ang Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act ang pagkakaroon ng Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP), na siya namang naaprubahan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 172 na pinirmahan ni dating Pangulong Rodrigo Duterte.

Layon ng CFIDP na maging competitive ang ating mga magniniyog para mapaunlad pa ang nasabing industriya sa bansa, sa pamamagitan ng pagre-rehabilitate at pagmo-modernize nito. Diin ng plano ang pagtataguyod ng katarungang panlipunan na nasasalig sa pagpapalakas ng kakayahan ng ating mga magniniyog.

## Paano makatutulong ang CDA sa mga magniniyog patungkol sa pagpapatupad ng CFIDP?

Isa ang Cooperative Development Authority (CDA) sa mga ahensya ng pamahalaan na naatasang magpatupad ng CFIDP sang-ayon sa Batas Republika Blg. 11524. Binibigyan ang CDA ng limang bahagdan (5%) ng kabuuang budget ng nasabing plano bawat taon para sa organization at empowerment ng mga coconut farmer organization at ang kanilang mga magtatanim na mga kooperatiba sa industriya ng pagniniyog.

## Anu-ano ang mga maaari kong matanggap sa CDA na nakapaloob sa CFIDP?

Pangunahing kinakailangan na ang mga magniniyog na mga kooperatiba at asosasyon ay nasa listahan ng Philippine Coconut Authority (PCA) upang maging lehitimong benepisyaryo.

Bukod dito, may iba pang batayan ang CDA na dapat matugunan. Kung kwalipikado, kasama sa mga maaaring matanggap na tulong ng mga benepisyaryo ang mga sumusunod: audit subsidy, trainings at iba pang mga interventions ng CDA kaugnay sa pamamahala ng kooperatiba, working capital, at iba pa na nakasaad sa CFIDP ng CDA.

Sa mga iba pang kaalaman o dokumento na isusumite upang masaklaw ng nasabing mga tulong, maaari kayong mag-sangguni sa mga tanggapan ng CDA malapit sa inyong lugar.

## Anu-anong mga gawain at programa ang nakapaloob sa CFIDP ng CDA?

Nais ng CDA na matamasa ng ating mga kababayang magniniyog ang mga benepisyong nakasaad sa RA 11524 na pangunahing nakasandig sa diwa ng kooperatibismo.

Nakapaloob sa CFIDP ng CDA ang mga sumusunod na mga gawain, proyekto at programa para sa mas lalo pang ikauunlad ng ating mga kooperatiba na nagniniyog:

1. Pagpapatibay ng mga coconut farmer cooperatives sa pamamagitan ng mga capacity-building programs;
2. Pagsasagawa ng mga social preparations at pagsasanay sa mga coconut farmer organizations at pag-oorganisa ng mga indibidwal na mga magniniyog;
3. Paglalapat at Pagpapatupad ng mga Support Mechanisms sa:
   - Information at learning materials – paggawa ng mga kaukulang materials para mapaunlad ang kaalaman
   - Paglikha ng mga Oportunidad sa Merkado
   - Tulong Pinansyal
   - Pagtulong sa Pagpapatayo ng mga Processing Centers/Plants na may mga Training Centers sa mga piling lugar
   - Pangangasiwa sa Proyekto at Documentation
   - Suportang pang-institusyunal para maisagawa ang mga programang nakalaan para sa mga coconut farmer cooperatives